Mensahe Dalawa

# Namumuhay sa Dibinong Trinidad
# (1)
# Nananahan kay Kristo bilang ang Tunay na Puno ng Ubas

Babasahin sa Kasulatan: Juan 15:1, 4-5; 1 Juan 2:6, 20, 24, 27; 3:22-24

**I. Kailangan nating makita ang praktikal na karanasan ng pamumuhay sa at kasama ang Dibinong Trinidad—Juan 14:20, 26; 15:26; 2 Cor. 13:14; Efe. 2:18; 3:16-17:**

A. Ang Ebanghelyo ng Juan ay isang aklat tungkol sa pamumuhay sa at kasama ang Dibinong Trinidad—15:1, 4-5.

B. Ang katotohanan hinggil sa pamumuhay sa at kasama ang Dibinong Trinidad ay lubhang ipinaliwanag sa mga Liham, lalo na sa mga isinulat ni Pablo.

C. Sa mga Liham ay makikita natin ang lahat ng praktikalidad at detalye ng pamumuhay sa at kasama ang Dibinong Trinidad.

D. Kailangan nating madala tungo sa mga karanasan ng pamumuhay sa Dibinong Trinidad at kasama ang Dibinong Trinidad.

**II. Sinabi sa atin ng Panginoong Hesus sa Juan 15 na Siya ang puno ng ubas at tayo ang mga sanga ng puno ng ubas—b. 5:**

A. Bilang mga sanga ng puno ng ubas, dapat tayong manahan sa Kanya; pagkatapos ay mananahan Siya sa atin—bb. 4-5.

B. Ang manahan kay Kristo ay ang mamuhay kay Kristo, at ang mamuhay kay Kristo ay ang mamuhay sa Dibinong Trinidad—Mat. 28:19; 1 Cor. 1:30.

C. Ang manahan si Kristo sa atin ay ang mamuhay ang Tres-unong Diyos sa atin; ito ang mamuhay kasama ang Dibinong Trinidad—Juan 15:4-5; Roma 8:11; 2 Cor. 13:14.

D. Kapag tayo ay nananahan sa Kanya, tayo ay namumuhay sa Kanya, at kapag Siya ay nananahan sa atin, tayo ay namumuhay kasama Siya—Juan 15:4-5, 7.

**III. Tayo ay namumuhay sa Dibinong Trinidad sa pamamagitan ng pananahan kay Kristo bilang ang tunay na puno ng ubas—bb. 1, 5:**

A. Ang tunay na puno ng ubas kasama ang mga sanga nito—si Kristong Anak kasama ang mga mananampalataya sa Anak—ay ang organismo ng Tres-unong Diyos sa dibinong ekonomiya upang lumago sa pamamagitan ng Kanyang kayamanan at ihayag ang Kanyang buhay—1 Tim. 1:4; Efe. 3:9; Juan 15:1, 5:

1. Ang pangsyon ng tunay na puno ng ubas bilang isang tanda ng Anak ay upang magkaroon ng organismo ang Tres-unong Diyos sa Anak para sa Kanyang pagpaparami, pagpapalaganap, at pagluluwalhati sa Kanyang dibinong buhay—bb. 8, 16.
2. Ang Ama bilang ang magsasaka ay ang pinagmumulan at ang tagapagtatag; ang Diyos Anak ay ang sentro, ang pagsasakatawan, at ang pagpapakita; ang Diyos Espiritu ay ang realidad at ang pagsasarealidad; at ang mga sanga ay ang Katawan, ang sama-samang kahayagan—bb. 1, 4-5, 26:
   a. Lahat ng kung ano ang Ama at mayroon ay naisakatawan kay Kristong Anak at pagkatapos ay naisakatuparan sa Espiritu bilang ang realidad—16:13-15.
   b. Lahat ng mayroon ang Espiritu ay nailalin tungo sa atin, ang mga sanga, upang maihayag at maipatotoo sa pamamagitan natin; sa ganitong paraan ang naprosesong Tres-unong Diyos ay naihahayag, naipakikita, at naluluwalhati sa ekklesia—Efe. 3:16-21.

B. Bilang mga sanga ng puno ng ubas, kailangan nating manahan sa puno ng ubas—Juan 15:4-5:
   1. Nang tayo ay manampalataya sa Panginoong Hesus, Siya ay nagsanga tungo sa atin, at tayo ay naging mga sanga Niya—3:15.
   2. Ang mapasa-Panginoon ay isang bagay ng pakikipag-isa; ang manahan sa Panginoon ay isang bagay ng salamuha—1 Cor. 1:9, 30.
   3. Ang ating pananahan kay Kristo bilang ang puno ng ubas ay nakasalalay sa pagkakita ng isang malinaw na pangitain na tayo ay mga sanga sa puno ng ubas; sa sandaling makita nating tayo ay mga sanga sa puno ng ubas, kailangan nating panatilihin ang salamuha sa pagitan natin at ng Panginoon—Juan 15:2.
   4. Ang buhay-Kristiyano ay isang buhay ng pananahan sa Panginoon—1 Juan 2:24, 27-28; 4:13:
      a. Ang manahan sa Panginoon ay ang maging kaisang espiritu Niya—1 Cor. 6:17.
      b. Ang ating pananahan kay Kristo ay ang kondisyon ng Kanyang pananahan sa atin—Juan 15:4a, 5a.

C. Kailangan nating manahan sa Panginoon, sa Anak, sa Ama, at sa Diyos—1 Juan 2:6, 24, 3:22-24:
   1. Ang manahan kay Kristo ay ang manahan sa Panginoon—2:6:
      a. Ang Panginoon ay ang Isa na nagmamay-ari ng lahat ng bagay, namumuno sa lahat ng bagay, at nag-eensayo ng Kanyang pagkasoberano sa lahat ng bagay at lahat ng tao—Apoc. 1:5.
      b. Tayo ay namumuhay sa Isa na siyang Panginoon ng sansinukob—Efe. 1:20-23.
   2. Ang manahan sa Anak ay may kinalaman sa pagkaanak ni Kristo—Mat. 3:17; 17:5:
      a. Ang Anak ay ang Isa na nagtataglay ng buhay ng Ama kasama ang kalikasan ng Ama upang ihayag ang Ama—Juan 5:26.
      b. Kapag tayo ay nananahan sa Anak, natatamasa natin ang buhay at kalikasan ng Ama at ang karapatang ihayag Siya at tamasahin ang lahat ng Kanyang mga pag-aari—Efe. 1:14.
   3. Tayo ay nananahan din sa Ama, na nangangalaga sa atin sa lahat ng paraan at sa lahat ng bagay—1 Juan 2:24:
      a. Kapag tayo ay nananahan sa Anak, tayo ay nananahan sa Ama sapagkat ang Anak at ang Ama ay iisa—bb. 23-24.
      b. Kapag tayo ay namumuhay sa Tres-unong Diyos, tayo ay namumuhay bilang mga anak—Heb. 2:10.
   4. Kailangan nating maging mga yaong nananahan sa Diyos—1 Juan 3:24:
      a. Ang manahan sa Diyos ay ang magkaroon ng pananampalataya sa Anak ng Diyos at magkaroon ng pag-ibig ng Diyos upang ibigin ang lahat ng kapatid—b. 23.
      b. Tayo ay nananahan sa Diyos sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos; ang nagdurugtong sa pagitan natin at ng Diyos, ng Ama, ng Anak, ng Panginoon, at ni Kristo ay ang Espiritu—bb. 22-24.

D. Tayo ay nananahan sa Tres-unong Diyos sa pamamagitan ng pagtuturo ng pagpapahid—2:27:
   1. Ang pagpapahid ay ang pagkilos at paggawa ng nananahanang timpladang Espiritu, ang nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay—b. 20; 1 Cor. 15:45; 2 Cor. 3:6.

2. Tayo ay nananahan sa dibinong pakikipagsalamuha kay Kristo sa pamamagitan ng pagdaranas ng naglilinis na dugo ng Panginoon at ng pag-aaplay ng nagpapahid na Espiritu sa ating panloob na katauhan—Juan 15:4-5; 1 Juan 1:5, 7; 2:20, 27.
3. Si Kristo bilang ang Ulo ay ang pinahirang Isa at ang nagpapahid na Isa, at tayo ang Kanyang mga sangkap na nagtatamasa sa Kanya bilang ang panloob na pagpapahid—2 Cor. 1:21-22.
4. Ang pagpapahid, bilang ang pagkilos at paggawa ng timpladang Epiritu sa loob natin, ay nagpapahid ng Diyos tungo sa atin upang tayo ay matigmakan ng Diyos, maangkin natin ang Diyos, at maunawaan ang kaisipan ng Diyos; ipinapabatid ng pagpapahid ang kaisipan ni Kristo bilang ang Ulo ng Katawan sa Kanyang mga sangkap sa pamamagitan ng panloob na pandama, ang panloob na kamalayan, ng buhay—Awit 133; 1 Cor. 2:16; Roma 8:6, 27.
5. Ang pagtuturo ng pagpapahid ng Espiritu ay isang panloob na pandama ng buhay—Gawa 16:6-7; 2 Cor. 2:13.
6. Kung ang ating natural na buhay ay natuos ng krus at kung tayo ay magpapasakop sa pagkaulo ni Kristo at mamumuhay sa buhay-Katawan, tataglayin natin ang pagpapahid ng Espiritu at tatamasahin ang salamuha ng Katawan—Efe. 4:3-6, 15-16.

*© 2021 Living Stream Ministry*